Naway punuin ni Allah ang mga libingan nila at mga bahay nila ng Apoy,Tulad ng Pang-aabala nila sa amin sa Pagdarasal sa Kalagitnaan [Ng Araw] hanggang sa lumubig ang Araw

Ayon kay `Ali bin Abe Talib-malugod si Allah sa kanya-Hadith na Marfu-:((Naway punuin ni Allah ang mga libingan nila at mga bahay nila ng Apoy,Tulad ng Pang-aabala nila sa amin sa Pagdarasal sa Kalagitnaan [Ng Araw] hanggang sa lumubig ang Araw)) At sa isang pananalita ni Imam Muslim: ((Inabala nila kami sa Pagdarasal [Sa kalagitnaan ng Araw]- Dasal na Al- `Asr], Pagkatapos ay idinasal niya ito sa pagitan ng Al-Maghrib at Al-`Eishah)).At sa kanya,Ayon kay `Abdullah bin Mas-`ud,siya ay nagsabi: ((Pinigilan ng mga Mushrikin [Hindi Mananampalataya,Sumasamba sa mga Diyus-diyosan] Ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa Pagdarasal ng Al-`Asr,Hanggang sa pumula ang kalangitan at nanilaw,Nagsabi ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Inabala nila kami sa Pagdarasal [ Sa kalagitnaan ng Araw]- Dasal na Al-`Asr-,Naway punuin ni Allah ang mga tiyan nila at mga libingan nila ng Apoy (Naway siksikan ni Allah ang mga tiyan nila at libingan nila ng Apoy))

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

Inabala ng mga Mushrikun [Hindi mananampalataya o Sumasamba sa mga Diyus-diyosan] Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang mga kasamahan niya-malugod si Allah sa kanila,sa pagmamanman at pagpapabantay sa kanila sa Madina at sa mga sarili nila sa Pagdarasal ng Al-`Asr hanggang sa lumubog ang Araw.Hindi rito nakapagdasal ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ang mga kasamahan niya malugod si Allah sa kanila-liban sa pagkatapos ng Al-Maghrib;Nanalangin sa kanila ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na naway punuin ang mga tiyan, bahay, at mga libingan nila ng Apoy.Bilang kabayaran sa pagpapakasakit nila sa kanya at sa mga kasamahan niya,At pang-aabala nila sa kanila sa pagdarasal ng Al-`Asr,Na siyang pinakamainam sa mga dasal.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3538